Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Quezon
**BAYAN NG POLILLO**
-ooOoo-

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**HALAW BUHAT SA KATITIKAN NG IKA-ISANG DAAN AT APATNAPUNG (140) PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG POLILLO, QUEZON NA IDINAOS SA BULWAGANG PULUNGAN SA GUSALI NG PAMAHALAANG BAYAN NG POLILLO, NOONG HUNYO 10, 2019 GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang Rufino Rene Q. Marquita, | Konsehal at Pansamantalang Tagapangulo, |
| Kagalang-galang Rudy S. Pumarada, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Albert R. Agunias, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Efren C. Atendido, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Joel V. Asis, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Hubert Bismarck A. Espiritu, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Ronald R. Madriñan, | Pangulo-PPLB/Ex-Officio, |
| Kagalang-galang Ian Kristoffer R. Del Moro, | Pangulo-PPLB/Ex-Officio. |

**HINDI DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang Loel F. Santoalla, | Pangalawang Punong Bayan, (O.B.), |
| Kagalang-galang Walter P. Calleja, | Konsehal, (O.B.), |
| Kagalang-galang Bella A. Correces, | Konsehal, (O.B.). |

**KAUTUSANG BAYAN BLG. 133-2019**

**ISANG KAUTUSANG BAYAN NA NAGTATAKDA NG PATAKARAN AT ALITUNTUNIN SA PAGBEBENTA, PAGGAWA, PAMAMAHAGI AT PAGGAMIT NG FIRE CRAKERS AT PAGBABAWAL SA KABATAAN SA PAGBEBENTA AT PAMAMAHAGI NITO**

*Mungkahi ni Kon. Rudy S. Pumarada na itinukoy at masusing pinag-aralan ng Committee on Health and Sanitation at ng Committee on Rules and Privileges/Ordinances & Legal Matters sa pangunguna ng Chairman, Kon. Albert R. Agunias*

*Alinsunod sa kapangyarihang ipinagkaloob ng batas sa Sangguniang Bayan ng Polillo, Quezon ay ipinahahayag ang mga sumusunod:*

**Seksyon I.** Kahulugan ng mga Salita. Ang mga sumusunod na salita ay ginagamit sa ikauunawa ng Kautusang ito:

a. **Kabataan** – ay tumutukoy sa hindi pa sumasapit sa ika-labing walong taong gulang o higit pa sa labing walong taong gulang subalit walang kakayahang pangalagaan ang kanyang sarili kawangis ng itinatadhana sa ilalim ng Republic Act 7160.

b. **Tagapagbenta** – Kinabibilangan ng may-ari, Taga-pangasiwa, administrador o sinuman na mayroong kaugnayan sa pagpapatakbo ng isang negosyo o tindahan.

k. **Uri ng Paputok** –

1. **Baby Rocket** – Paputok na mayroong patpat na kapag sinindihan ang mitsa nito ay magdudulot ng paggalaw pataas ng ilang metro bago ito sumabog. Ang paputok na ito ay nasa 1 ½ pulgada ang haba at 3/8 ang kapal na ang patpat nito ay may isang piye ang haba.

ENGR. CRISTINA E. BOSQUE
Punong Bayan

RUFINO RENE Q. MARQUITA
Konsehal at
Pansamantalang Tagapangulo

MEDICINE C. ASIS
Kalihim sa Sangguniang Bayan I

2. **Bawang** – Ang paputok na ito ay mas malaki sa triangulo na mayroong 1/3 kutsaritang pulbura na nakapakete sa karton na tinalian ng abaka at binalot kahugis ng bawang.

3. **Small Triangulo** – Ang paputok na hugis tatsulok na mayroong pulbura na kaunti kaysa bawang at karaniwang nakabalot sa kulay kayumangging papel na may sukat na ¾ pulgada ang haba sa mas mahaba nitong gilid.

4. **Pulling of Strings** – Ang paputok na ito ay gawa sa maliit na tubo na halos isang pulgada ang haba at kulang sa ¼ pulgada ang kapal na mayroong tali sa magkabilang dulo. Ang paghila sa tali sa magkabilang dulo ang nagiging sanhi upang pumutok ito.

5. **Paper Caps** – Kaunting itim na pulbura na ipinahid sa maliit na papel na ginagamit sa laruang baril-barilan.

6. **El Diablo** – Paputok na hugis tubo na nasa 1 ¼ pulgada ang taba na mayroong mitsa, na kung tawagin ay Labintador.

7. **Watusi** – Karaniwang kulay pula, halos ¼ pulgada ang haba at 1/10 ang kapal, karaniwang sinisindihan sa pamamagitan ng pagkiskis upang magkaroon ng sumasayaw na paggalaw at tunog bawang.

8. **Judah's Belt** – Ang tali-taling paputok na kinabibilangan ng El Diablo o maliit na trianggulo na umaabot ang bilang hanggang isang daan o higit pa at umaabot sa malaking uri ng paputok na karaniwan ay bawang.

9. **Sky Rocket** (Kwitis)- Ang malaking bersyon ng Baby Rocket na ginagawa upang gumalaw sa taas na Apatnapu (40) hanggang Limampung (50) talampakan bago ito sumabog.

10. Iba pang uri na may katulad na kemikal na paputok

d. Uri ng pailaw na ginagamit sa pagtatanghal:

1. **Sparklers** – Uri ng pailaw na karaniwang gawa sa itim na pulbos na nakalagay sa kawad o nakapaloob sa papel na hugis tubo na ginawa upang sumindi at magningning matapos na ito ay sindihan.

2. **Luces** – Anumang uri ng sparklers.

3. **Fountain** – Uri ng sparkler na hugis apa na pag sinindihan sa lupa, ito ay magdudulot ng iba't-ibang tumataas na kulay at patigil-tigil na pag-ilaw matapos na ito ay sindihan.

4. **Jumbo Regular and Special** – uri ng sparklers na kawangis ng fountain subalit mas malaki ang sukat nito.

5. **Mabuhay** – mga sparklers na pinagsama-sama na mayroong isang dosenang piraso.

6. **Roman Candle** – sparkler na katulad ng Fountain na hugis kandila.

7. **Trompillo** – Uri ng pailaw na karaniwang nakapako sa gitna at idenesenyo upang umikot muna ng clockwise kasunod ang counter clockwise at magdudulot ng iba't-ibang kulay matapos na ito ay sindihan.

8. **Airwolf** – Uri ng sky rocket na hugis eroplano na mayroong elisi na makapagpapataas sa halos Apatnapu (40) hanggang Limampo (50) talampakan at magbubuga ng iba't-ibang kulay habang tumataas.

ENGR. CRISTINA E. BOSQUE
Punong Bayan

RUFINO RENE Q. MARQUITA
Konsehal at
Pansamantalang Tagapangulo

MEDICINE C. ASIS
Kalihim sa Sangguniang Bayan I

9. **Whistle Device** – Anumang uri ng paputok o pailaw na ginawa alinman upang maalis ang tunog pito o pasabog matapos na ito ay sindihan.

10. **Butterfly** – Hugis paruparng pailaw na ginawa upang umangat sa lupa habang ito ay umiilaw.

11. Lahat ng uri ng pailaw, at

12. Iba pang uri katumbas ng mga naunang nabanggit na pailaw.

**Seksyon II. Regulasyon –** Mga uri ng paputok at uri ng pailaw na ginagamit sa pagtatanghal na pinahihintulutang ibenta, ipamahagi at gamitin:

A. Paputok

1. **Baby Rocket**
2. **Bawang**
3. **Small Triangulo**
4. **Pulling of Strings**
5. **Paper Caps**
6. **El Diablo**
7. **Watusi**
8. **Judah's Belt**
9. **Sky Rocket** (Kwitis)
10. Iba pang uri na may katulad na kemikal na paputok

B. Uri ng pailaw na ginagamit sa pagtatanghal:

1. **Sparklers**
2. **Luces**
3. **Fountain**
4. **Jumbo Regular and Special**
5. **Mabuhay**
6. **Roman Candle**
7. **Trompillo**
8. **Airwolf**
9. **Whistle Device**
10. **Butterfly**
11. Lahat ng uri ng pailaw, at
12. Iba pang uri katumbas ng mga naunang nabanggit na pailaw.

Ang pagbebenta, pamimigay at paggamit ng mga pinahihintulutang paputok o fire crakers at iba pang uri ng pailaw na gamit sa pagtatanghal dito sa nasasakupan ng Polillo, Quezon ay pinahihintulutan lamang mula sa panahon ng Disyembre 10, hanggang Enero 2, ng bawat taon at sa panahon ng pagdiriwang ng Chinese New Year, maliban na lang kung mayroong kaukulang exemption na nagbuhat mula sa Tanggapan ng Punong Bayan. Sakaling ang nasabing exemption ay maipagkaloob ang ibayong pag-iingat na dapat isagawa ay nararapat nakasaad sa kautusan ng exemption.

Ang pamamahagi at pagbebenta ng mga pinahihintulutang paputok o fire crackers at iba pang uri ng pailaw na gamit sa pagtatanghal ay nararapat limitahan sa isang lugar lamang na ilalaan ng Tanggapan ng Punong Bayan o kanyang pinahihintulutang kinatawan upang mapangalagaan ang kaligtasan ng publiko gayundin ang maninininda ng mga ito.

ENGR. CRISTINA E. BOSQUE
Punong Bayan

RUFINO RENE O. MARQUITA
Konsehal at
Pansamantalang Tagapangulo

MEDICINE C. ASIS
Kalihim sa Sangguniang Bayan I

**Seksyon III** – Lugar na pinahihintulutang pagdausan ng pagpapaputok at pagpapailaw:

- Port Area o pantalan ang itinatalagang lugar upang isagawa ang paggamit ng mga bagay o anumang uri ng nakasaad na paputok at pailaw.

**Seksyon IV – Pagbabawal** - Ipinagbabawal sa lahat ng operator, may-ari ng tindahan, manininda ang gumawa, magbenta, mamahagi at gumamit ng anumang uri ng paputok o fire crackers, uri ng pailaw na gamit sa pagtatanghal na hindi nakasaad sa Seksyon I, (k) at (d) ng Kautusang Bayang ito, kung saan ang sangkap na paputok nito ay magdudulot ng kapinsalaan sa buhay, gaya ng atomic big triangulo at super lolo at anumang kauri ng mga ito ay mahigpit na ipinagbabawal.

Ang paggawa ng anumang uri ng paputok o firecrackers, uri ng pailaw na gamit sa pagtatanghal ay ipinagbabawal sa bayang ito, samantalang ang pamamahagi at pagbebenta ng mga pinahihintulutang paputok o fire crakers, at uri ng pailaw na gamit sa pagtatanghal ay papayagan lamang kung ito ay sumasailalim sa kapahintulutan ng Kagawaran ng Kapulisan (PNP) at ng Lokal na Pamahalaang ito, sa pamamagitan ng mga permiso at lisensyang ipinalalabas ukol dito.

**Seksyon V** – Ipinagbabawal sa lahat ng operator, may-ari ng tindahan, manininda ang magbenta at magbigay sa mga kabataan ng:

a. Anumang uri ng paputok o Firecrakers, uri ng pailaw na gamit sa pagtatanghal sa mga kabataan dito sa Polillo, Quezon gaya ng mga nasasad sa Seksyon, (k) at (d) ng Kautusang Bayang ito.

b. At iba pang uri ng paputok o Fire Crackers, uri ng pailaw na gamit sa pagtatanghal na hindi nabanggit sa Seksyon I, (k) at (d) ng Kautusang Bayang ito na sumasabog na maaaring maglagay sa kapahamakan sa buhay gaya ng atomic big triangulo at super lolo at iba pang kawangis nito ay ipinagbabawal.

**Seksyon VI – Kaparusahan:**

a. Ang sinumang operator, may-ari ng tindahan, maninida ang gumawa, magbenta, mamahagi at gumamit ng anumang uri ng paputok o fire crakers, uri ng pailaw na gamit sa pagtatanghal na hindi nasasaad sa Seksyon I, (k) at (d) ng Kautusang Bayang ito, kung saan ang sangkap na paputok nito ay magdudulot ng kapinsalaan sa buhay, gaya ng Atomic Big Triangulo at Super Lolo at anumang kauri ng mga ito ay mahigpit na ipinagbabawal at papatawan ng kaparusahan at multa gaya ng mga sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| Unang Paglabag | - | Php 1,000.00 |
| Ikalawang Paglabag | - | Php 1,500.00 |
| Ikatlong Paglabag | - | Php 2,500.00 |

b. Ang sinumang may ari ng tindahan, manininda, ang mapatunayang nagbenta at nagbigay sa mga kabataan ng anumang uri ng paputok o fire crakers at iba pang uri ng pailaw ng gamit sa pagtatanghal sa mga kabataan dito sa Polillo, Quezon, gaya ng mga nasasaad sa Seksyon I, (k) at (d) ng Kautusang Bayang ito ay papatawan ng kaparusahan at multa na gaya ng mga sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| Unang Paglabag | - | Php 1,000.00 |
| Ikalawang Paglabag | - | Php 1,500.00 |
| Ikatlong Paglabag | - | Php 2,500.00 |

**Seksyon VII – Tagapagpatupad ng batas**

- Ang PNP ang magpapatupad ng batas na isinasaad ng Kautusang Bayang ito.

- Ang kaukulang multa ay mapupunta sa kaban ng pamahalaang bayan o ayon sa itinatadhana ng batas ng Pambayang Hukuman

ENGR. CRISTINA E. BOSQUE
Punong Bayan

RUFINO RENE D. MARQUITA
Konsehal at
Pansamantalang Tagapangulo

MEDICINE C. ASIS
Kalihim sa Sangguniang Bayan I

- Ang lahat ng makukumpiskang ipinagbabawal na fire crackers ay ang PNP ang mag-i-impound at gagawa ng kaukulang report para sa probinsya, at ang BFP naman ang mangangasiwa sa pagbabasa ng tubig sa nasabing mga firecrackers.

**Seksyon VIII- Pagpapawalang bisa**. Ang Alinmang Kautusang Bayan o bahagi nito na salungat sa Kautusang Bayang ito ay binabago na ngayon at pinawawalang bisa.

**Seksyon IX – Pagkakabisa** - Ang Kautusang Bayang ito ay magkakabisa at ipapatupad matapos na ito'y dumaan sa pampublikong pagdinig, katigan ng Punong Bayan, maipaskil ang kopya ng Kautusang Bayang ito sa tatlong (3) hayag na lugar sa nasasakupan ng bayan ng Polillo, at makalipas ang tatlumpung (30) araw matapos na pormal na matanggap ng Sangguniang Panlalawigan ang Sipi ng Kautusang Bayang ito, subalit kung sakaling dumating ang Kapasiyahan ng Sangguniang Panlalawigan na hindi umaayon dito ay agarang ipahihinto ang pagpapatupad nito.

**PINAGTIBAY NG LAHAT.**
Hunyo 10, 2019

x------------------------------------------------------------------------------------------------------------x

*Pinatutunayan ko alinsunod sa itinatadhana ng Seksyon 54 at 469 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 na pinagtibay ng Sangguniang Bayan ang* ***Kautusang Bayan Blg. 133-2019*** *sa petsang binabanggit sa unahan nito.*

**MEDICINE C. ASIS**
Kalihim sa Sangguniang Bayan I

**PINATUTUNAYANG WASTO AT GANAP NA PINAGTIBAY:**

**RUFINO RENE Q. MARQUITA**
Konsehal at Pansamantalang Tagapangulo

**LUBOS NA PINAGTIBAY:**

**ENGR. CRISTINA E. BOSQUE**
Punong Bayan

*Sinipi noong:*
***Hunyo 17, 2019***